

1

“I’m sorry, Ma’am, closed na po ang check-in. We no longer accommodate latecomers.”

“What!” Nanlaki ang mga mata ni Angelica Paraiso nang marinig iyon mula sa airline personnel. Napatingin tuloy siya sa wall clock na nakasabit sa may overhead panel doon. Alas ocho pasado na ng umaga. “Hindi ba forty-five minutes before flight time pa kayo nagko-close? It’s only eight fifteen.”

“Ma’am,” magalang nitong sagot, “your flight to Kalibo is at 8:35. Kaninang 7:50 pa po kami nag-close ng counter. Actually, closed na din po ang boarding gates.”

Tinitigan niya ang hawak na printout ng itinerary niya saka siya napasubsob sa counter. “Oh, shit!” she groaned. “How stupid can I get?”

All this time na hawak niya ang e-ticket, ang basa niya ay 9:35 a.m. ang flight samantalang iyon ang ETA o Estimated Time of Arrival sa Kalibo imbes na ETD o Estimated Time of Departure mula Manila.

“Kung okay lang sa inyo, Ma’am, may dalawang flights pa, sa tanghali at hapon ng alas cuatro. Puwede

kayong mag-chance passenger,” alok nito nang mapansin na sobra siyang distressed sa pangyayari.

“My wedding is at two p.m.....” Pinanood niya itong patuloy na nagta-tap ng daliri sa keyboard ng computer.

“Ay, naku, fully booked na pala ang parehong flights, Ma’am,” palatak nito. “Mahaba na rin ang waitlist so hindi kita ma-assure na may makukuha kang seat.”

“Yeah, never mind na lang, Miss, thanks for the help,” naiiling na balik niya rito.

“Wait, Ma’am sabi n’yo, *my wedding?*” Kumunot ang noo nito. “Ikakasal kayo ng two p.m.?”

Nakatungong tumango si Angelica kaya hindi niya napansing napanganga ang kausap.

“Hala!” naibulalas nito, nakatutop ang dalawang kamay sa magkabilang pisngi.

Inilabas niya ang cellphone mula sa bag at nagsimulang mag-dial ng numero. Idinikit niya iyon sa tainga at habang hinihintay mag-ring ang kabilang linya, nagsimulang tumulo ang luha niya.

“Ma’am, gusto n’yo bang mag-try ng flight sa Caticlan? Ilang minutes lang iyon from Kalibo town

proper by land and... Sorry, two p.m. pa pala ang flight papunta doon,” habol pa nito, kagat ang labi at tila awang-awa na sa kanya.

“Hello, Dennis?” Nagpaalam siya sa babaeng nasa counter at saka lumayo, her steps taking her to the direction of the comfort rooms.

“Geli?” Takang-taka ang boses nito nang sagutin ang tawag niya. “Hindi ba dapat nasa ere ka na ngayon? Bakit ka naka-cellphone?”

“Uhm, babe....” Halos bulong lang ang boses na nagmula sa kanya.

“What’s wrong?” Dinig niya sa tono nito ang pagkabahala.

“Hindi ako nakasakay sa plane.” Sinabayan niya ng hikbi ang pagkakasabi niyon.

“What the hell!” Obvious na galit ang boses ng katipan. “Angelica, bakit ba kasi hindi mo pinakinggan ang suggestion ko na kahapon pa magbiyahe?”

“Babe, hindi nga kaya, di ba? Kahapon ang hearing ng kliyente ko. Halos six p.m. na kami natapos, then I had to file a petition pa kanina sa RTC before I could leave. Importante ‘yun, babe.” Naglabas siya ng panyo at pinunasan ang basang

mukha.

“What about our life, babe? Importante din naman ang buhay natin, ah!”

“I know, Dennis, and please don’t think naman na hindi ko pinahahalagahan ang buhay natin. It’s just that....”

Sumingit na naman ito bago pa man siya matapos sa sasabihin. “Oo na, you’re just starting out in the business at may ambisyon ka pa na maging junior partner ng firm in your second year of being with them. Pero Gel, matagal na din natin itong pinlano. Wala ka pa sa firm na ‘yan last year, we’d already said we’d work this out.”

Patuloy pa rin ang tahimik na pagtulo ng luha niya. “Dennis, bakit ba kasi kailangang ganito? Hindi ba puwedeng magplano tayo ng wedding na involved lahat ng mahal natin sa buhay at saka dito sa Manila? I mean, hindi yata ganitong wedding ang pinangarap ko.”

“Why are you saying all these things now?” Lalong nayamot ito sa narinig sa kanya. “N’ong pina-finalize natin ito three months ago, pumayag ka sa lahat ng kondisyon, sa lahat ng circumstances. We both agreed na idaos na muna ang kasal sa huwes na

close friends lang ang witnesses bago tayo magplano ng mas magarbong kasal sa simbahan. Sa tinagal-tagal ng panahon na nakaumang ito, wala ka namang sinabi.”

“Eh, kasi...” Magdadahilan pa sana si Angelica hanggang maisip niyang huwag na lang dahil wala nang saysay na makipagtalo pa rito. She was going to miss her *own* wedding, for crying out loud! At magarbo man iyon o simple at secret tulad ng sa kanila, hindi na niya iyon madadaluhan. “What do we do now?”

“We?” He let out a blast of sarcastic laughter. “Ewan ko sa iyo pero kung ako ang tatanungin, sasabihin ko sa iyong diyan ka na lang. ‘Wag ka nang pumunta dito, not now, not ever. This was your one chance, Angelica.” She winced dahil muli nitong ginamit ang buong pangalan niya. “You blew it.”

“Dennis, hindi ba puwede tomorrow ‘yung judge? I can still try to catch the afternoon flight.”

“May hearing tomorrow ang uncle ko, and then he flies to Zamboanga the day after. Kaya nga today ang sched natin, remember?” Oo nga naman. Pagkatagal-tagal nilang inikot-ikot ang schedule nila para sa araw na ito. “Forget it, Angelica, wala nang point lahat ng ito. Ayoko nang makipag-usap.”

Dangerous Love - Edith Joaquin

“Dennis naman, can we talk about this, please? You’re being overly melodramatic....” Napakunot ang noo niya nang mag-bleep ang naririnig niya sa kabilang linya. “Hello? Dennis?”

Pinagbabaan na siya nito ng telepono. Sinubukan pa niyang i-dial nang makailang ulit ang numero nito pero ang narinig na lang niya ay, *‘The subscriber cannot be reached or out of coverage area.’*

“Shit!” Napatili siya sa sobrang frustration.

Siya, si Attorney Angelica Paraiso, one of the most sought-after young lawyers ng bansa at age twenty-seven, isa sa sampung nanguna sa nakaraang bar exams, cum laude ng AB Philosophy sa kolehiyo at consistent Dean’s lister sa law school, ay kasalukuyang nakasalampak sa tiles na sahig ng banyo ng *NAIA Centennial Terminal 2* at humahagulhol na parang bata for being dumped on her wedding day.

Pasimpleng nilapitan ni Ryan Pelaez ang magandang babaeng nakaupo sa isang bench sa arrival area ng *NAIA Centennial Terminal 2*. Nakatalikod ito sa kanya, pero nababasa niya sa posture nito na kanina pa ito naghihintay roon at tila nabubugnot na. No matter, narito na siya at sigurado siyang matutuwa

ito sa sandaling magkita sila.

“Honey, I’m home!” Ipinatong niya ang dalawang kamay sa magkabilang balikat nito at saka malambing na inilapat ang mga labi sa gilid ng ulo nito.

“Ang tagal naman ng flight mo,” reklamo ng dalaga.

“Em,” naupo siya sa tabi nito at inilapag sa sahig ang dalang sports bag na kanyang bagahe, “hindi ba nag-advise nga ako na delayed ang flight namin?” Inakbayan niya ito. He winced slightly dahil sa bahagyang kirot na gumuhit sa tagiliran niya sa ginawang muwestra.

“Oo nga. Kaya lang by the time nag-text ka, I was on my way here na,” patuloy na maktol nito at ni hindi siya tinitingnan.

“I thought you said kalalabas mo lang noon ng bahay,” kunot-noong aniya.

“Yeah, but hindi naman ibig sabihin noon nakatambay pa ako sa labas ng gate namin.” Padabog na tumayo ito at pinalis ang kamay niya mula sa balikat nito.

Muli siyang napangiwi dahil tinamaan nito ang maselang bahagi sa kanyang ribcage. Napahawak

tuloy siya roon sa tindi ng sakit.

“Ilang taon pa tayo magiging ganito, Ryan?” tanong nito na humarap ito sa kanya, nakapamaywang at tila hindi napapansin na halos hindi siya makahinga.

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Ano’ng hindi mo sinasabi sa akin? Sa tinagal-tagal ng relasyon natin, bakit parang hindi pa din lubos ang tiwala mo para ipaalam ang totoong nature ng trabaho mo?”

“I’m in sales, ano pa ba ang mysteryoso doon?” Naupo na siya nang derecho nang maramdamang humupa ang kirot. Nakuha pa niya actually na ngumiti rito para pakalmahin ito.

“Ryan, tuwing aalis ka para sa sinasabi mong sales blitz o sales conference o sales rally, maiksi na ang dalawang linggo. Nagpupunta ka sa mga lugar na ngayon ko lang nadinig ang pangalan para maging totoo at kapani-paniwala. Ang hirap mong ma-contact sa telepono at kapag nakausap kita finally, pagkatapos kong mag-dial ng numero mo ng halos isandaang beses, wala pang tatlong minuto tayong nag-uusap, kailangan mo nang magpaalam. Anong klase ng bentahan ang ginagawa n’yo?”

“Honey, alam mo naman kung gaano ka-busy ang

lina ng trabaho ko. I'm holding a very high position as sales director, siyempre marami akong kinakaharap na problema where our products are concerned."

"Aber," nagkrus ito ng mga bisig sa harap ng dibdib, putting her weight on one leg habang ikinukuyakoy ang isa pa, "like what?"

Gusto niyang iwasang sagutin ang tanong na iyon at sinubukan niyang abutin muna ang kamay nito para hikayating muling maupo sa tabi niya. "Halika nga dito. Let's discuss this na mas kalmado, please?"

"Sagutin mo ang tinatanong ko." Lalo itong lumayo.

He pursed his lips, staring at her flushed face bago sumagot. "We deal with high-powered machinery. Unlike regular consumer products na kapag nabayaran at naipasa ay puwede nang daanin sa tawag at email ang customer service, na kapag may pumalya, isosoli lang at reremedyuhan ang hindi gumaganang parte o kaya ay papalitan ng panibago. Sa linya namin, kailangang bantayan how things go especially in the first few days. Hindi uso sa amin ang exchange and return policy. Things have to work perfectly the first time for all time."

"How come wala kayong local counterparts para

gawin iyan?”

“Kasi nga, delicate masyado ang mga produkto namin para ipagkatiwala. Operations are run by middle management and always, always supervised by the higher ups. That’s me. So kahit ano’ng gawin natin, kahit ilang local counterpart ang iwan natin sa mga lugar na pinupuntahan ko, ako pa din ang may kailangang mag-oversee ng mga bagay-bagay pati services.”

“Service like what?” patuloy nitong pagtatanong.

“Emily, nagtutunog *NBI* ka na,” biro niya.

“Because hindi mo ipinagtatapat ang totoo!” Nagsimula itong lumuha.

“Honey,” tumayo si Ryan para lapitan at yakapin ito, “umuwi na tayo. Sa bahay tayo mag-usap.”

“Mag-uusap na naman?” Marahan siyang itinulak nito palayo bago tumingin paitaas sa kanyang mga mata, “Tuwi naman tayong mag-uusap, dadaanin mo lang ako sa lambing pero wala ka naman sinasagot sa mga tinatanong ko.”

“Dahil wala naman akong ibang maibibigay na paliwanag kung hindi iyon at iyon din,” tahimik na sambit niya. “There is no other explanation. There

is no hidden truth.”

“Sorry, I don’t buy it.” Tuluyan itong kumalas sa yakap niya. “Hindi ko na ito kaya. Hindi ko kayang tuwing aalis ka, hindi ko alam kung saan ka talaga nagpupunta. Hindi ko alam kung ano ang nangyayari sa iyo kapag nand’un ka na and for some reason, parating may takot sa puso ko dahil pakiramdam ko, bukas-makalawa hindi ka na babalik pa sa akin. At ang masakit pa, parang hindi na kita kilala lately. Ang layo mo na sa lalaking unang nakilala ko.”

“I haven’t changed.” Tunitig siya rito nang taimtim bago huminga nang malalim. “Pero trabaho ko ito, hon, what can I do?”

“Piliin mo ako. O pumili ka na lang ng ibang babaeng mas kayang tanggapin ang mga paliwanag mo,” simpleng sagot nito.

Hindi siya maka-react. Hindi kasi ganoon kasimple ang pagdedesiyon as far as he was concerned. There was too much at stake at kasali roon ang buhay niya at ng mga taong malalapit sa kanya. Humahaba ang katahimikan sa pagitan nila dahil naghahanap siya ng tamang masasabi para hindi mawala sa kanya ang babaeng ito.

“Goodbye, Ryan,” narinig na lang niyang sambit

nito bago ito tumalikod at naglakad palayo.

He would have gone after her. Pero nang subukan niyang humakbang ay naramdaman niya ang pagguhit ng matinding kirot sa gilid ng kanyang dibdib. Pinanood niya lang ang dalaga hanggang mawala ito sa kanyang paningin bago siya nanghihinang napaupo.

Mabuti na rin siguro ang ganoon. Kapag hinabol niya ito, ano pa ba ang puwedeng mangyari? Malinaw na wala na itong balak magtiyaga sa kakarampot na paliwanag na nakakayanan niyang ibigay.

Umiiling na tiningnan niya ang kamay na kanina pa nakasapo sa bahagi ng kanyang tagiliran sa ilalim ng suot na jacket. Hindi na siya nagulat nang makitang may bahid ng pula ang mga daliri.

2

Mugtung-mugto ang mga mata ni Angelica at masakit na ang lalamunan niya sa kaiiyak paglabas niya ng banyo. May bahid ng galit ang paglalakad niya patungong parking lot kung saan naroon ang kanyang kotse. Matapos kasi siyang lumuha dahil sa awa sa sarili, naiyak siya sa sobrang galit at kung hindi rin lang siya nasa ibang lugar, malamang sinugod niya si Dennis para sumbatan at sampalin.

As if kaya niya.

'Langyang Dennis Navarro 'yan. Lulusot lang sa kasal, palalabasin pa na ako ang may kasalanan! Akala ba niya siya lang ang lalaking nag-e-exist sa mundo? Eh, ano kung konsehal siya sa lalawigan ng Aklan? Eh ano rin kung mayaman, kilala at respetado ang pamilya nila doon? Eh, ano kung guwapo siya, simpatiko at matikas? Excuse me, I am a young accomplished lawyer. Maganda, may kabaitang taglay at may pamilyang may maipagmamalaking kaban ng yaman at reputasyon sa Maynila. Hindi ako tanga para magpakalunod sa self-pity dahil inayawan ako ng lalaking dapat ay asawa ko na ngayon, kung gan'un din lang kakitid ang utak niya!

Muling nag-init ang mga mata niya. Anak ng tipaklong naman kasi, bakit ba hindi niya pinakinggan ang mga kaibigan noon pa? Sinabihan na siya ng mga ito na mahirap ang long-distance relationship. Maraming nako-compromise. Lalo na at hindi ordinaryong mamamayan ang napili niyang gawing boyfriend. Hindi rin ordinaryo ang propesyon niya para i-give up lang basta-basta dahil sa demands ng katipan.

Pero ano? Nagpakatanga pa rin si Angelica. And what was worse, naging doormat siya rito. Sunod sa luho ng lalaki at parati na lang wala siyang laban pagdating sa arguments kahit na ba siya ang abogado sa kanilang dalawa. All this time in their relationship, sa kakaunting panahon at bilang na mga pagkakataong nagkasama sila, kahit minsan ay hindi nasunod ang kung ano man ang gusto niyang gawin.

Pabagsak siyang naupo sa isang bakanteng upuan at muling umiyak. Tahimik lang dahil nakakahiya kung magpalahaw siya roon. May guwapong mama pa naman siyang katabi. Guwapo at mukhang may... may sakit yata.

“Excuse me,” tinapik niya nang bahagya ang balikat nito, “okay ka lang ba?”

“Ha?” Napatingin ito sa kanya. “Yeah, uhm,”

kumilos ito para dumerecho ng upo pero ngumiwirin, “mukhang ikaw nga ang hindi okay.”

Napataas ang kilay ni Angelica. Tingnan mo ang ugali ng mga lalaki. Obviously, may dinaramdam ito pero nakukuha pang mambola!

“Do you need help?” Pinili niyang huwag pansinin ang patutsada nito.

“No... no, I’m okay,” iling nito pero napapansin niya ang butil-butil na pawis sa noo nito. “May susundo sa akin dito, hinihintay ko lang dumating.”

Ewan ba niya kung bakit gumagala ang paningin niya sa kabuuan ng binata. Siguro dahil napafascinate siya sa aura nito. Nakaupo ito pero halatang matangkad ito sa karaniwan. Itim na itim ang buhok nitong may kaunting haba kung kaya nadagdagan ang pagkamistryoso ng hitsura nito. Ginintuan ang kulay ng balat nito dahil malamang sa madalas na pagkakabilad sa araw. His profile was strong, prominente ang cheekbones at matangos ang ilong. Hugis-puso ang mga labi nito at sigurado siyang kaiinggitan ng maraming babae ang haba at kapal ng mga pilik nito sa mga mata. And speaking of mata, his were strong, dark, piercing eyes na parang parating nanghihikayat na titigan ang mga ito.

Dangerous Love - Edith Joaquin

Malapad ang balikat nito na parang kay sarap humilig doon. Halata rin ang maskuladong dibdib na bakat na bakat sa likod ng suot nitong shirt... biglang nahagip ng mga mata niya ang nasa ilalim ng itim nitong jacket. May pulang-pulang mantsa sa damit nito. At mukhang basa iyon. Dugo!

“Oh, my God, are you hurt?” naibulalas niya.

Umiling lang ito para balewalain ang nasabi niya. Hindi ito nagsalita dahil parang kinakapos na ito ng hininga.

“Wait, kukunin ko lang ang kotse ko.” Umiral sa kanya ang pagiging matulungin. “Diyan ka lang.”

“Miss, sandali, ‘wag na,” pahabol sana nito pero nakalayo na si Angelica at nagmamadaling inilabas ang susi ng sasakyan.

Nang maiikot niya ang kotse mula parking area pabalik sa arrival area, pumina siya sa gutter kung saan niya iniwan ang lalaki. Laking gulat niya nang makitang wala na ito roon.

“What the hell?” bulong niya habang iginagala ang paningin sa mga taong naroon, baka sakaling makita pa niya ito.

Kung tutuusin, pakialam ba niya kung bumulagta

na lang ito bigla? Malinaw na ayaw nitong magpatulong. Bakit ba siya nagpapakabayani?

Pinaandar niya nang marahan ang kotse, patuloy pa rin sa pagmamanman sa paligid. *Lekat naman talaga, o, pagalit niya ang sarili. Let him go, girl! Hindi mo na kasalanan na ayaw niya magpatulong...*

Pero kapag bumulagta ito, nakakapanghinayang para sa buong female population na may ma-erase at hindi mapakinabangang exceptionally good-looking living male specie. Sayang ang lahi...

There he is!

Ibinaba niya ang bintana ng kotse.

“Sir!” tawag niya. “Halika na, sakay ka. Ihahatid na lang kita sa kung saan ka pupunta.”

“Hindi na, Miss, I’m fine.” Ngumiti ito at parang tumigil ang puso niya.

Maryosep! Namumutla na nga, guwapo pa rin? Tao ba ito?

“You don’t look okay. Halika na, it’s no trouble, promise,” pilit niya saka pumarada at binuksan ang passenger seat mula sa loob.

“Malayo ang bahay ko,” patuloy na pagdadahilan

nito hanggang sa napansin niyang gumewang ito at itinukod ang isang kamay sa gilid ng kotse niya.

“Hay, naku! Sabi ko na nga ba.” Mabilis na bumaba siya para maalalayan itong sumakay. “Bakit ba kayong mga lalaki ang hilig magpa-macho, ha? Ayaw na ayaw n’yong umaamin na kailangan n’yo ng tulong!”

“You don’t even know kung masamang tao ako,” turan nito habang kinakabitan niya ng seatbelt.

“Kuya,” binuhat ni Angelica ang hindi kalakihang bag nito at inilagay naman iyon sa upuan sa likod, “kung masamang tao ka, hindi ka sana tumakas sa tulong na inaalok ko.”

Umungol lang ito at pagkatapos ay pumikit.

“Sir?” Inalog niya ito nang marahan. Hindi pa rin niya alam kung ano ang pangalan ng estranghero. “Kuya?”

Nakaramdam siya ng panic nang hindi ito kumilos kahit anong tapik ang gawin niya rito.

“Oh, my God!” impit na tili niya habang nagmamadaling bumalik sa driver seat at pinaharurot agad iyon papunta sa pinakamalapit na ospital.

Abut-abot ang dasal niya habang nagmamaneho.

Dangerous Love - Edith Joaquin

Sana okay lang ang lalaking ito; ang pangit naman ng ideya na may namatay sa kotse niya kahit ba kung tutuusin ang guwapong bangkay nito.

Ano ba!

Sana makarating na sila sa ospital. Sana huwag silang maaksidente sa kamamadali niya. Sana alam niya kung ano ang pangalan ng binatang ito. Sana single pa.

Angelica! Maghunos-dili ka kaya?

“Ma’am, ano po ang nangyari sa kanya?” tanong ng nurse na sumalubong sa kanya kasunod ang dalawa pang nurses na lalaki tulak-tulak ang isang stretcher.

“Ah, hindi ko alam, eh,” pagtatapat niya habang sumusunod sa mga ito.

“Kaanu-ano niya po kayo?”

“She’s my fiancée,” sumagot ang inaakala nilang walang malay na estranghero.

Tinitigan niya nang masama ang lalaki, telling him with her eyes na hindi siya natuwa sa sinabi nito. Pakiramdam tuloy niya, gusto niya itong bambuhin para muling mawalan ng ulirat. Pero nakita niya ang pakiusap sa tingin nito kaya hindi na siya umimik.

“Ganoon po ba?” anang nurse. “Ma’am, nagpatawag lang po ako ng residente, ha. Gawin na lang muna natin itong info sheet. Ano po ang pangalan ni Sir?”

“Ryan Pelaez.” Ang lalaki muli ang sumagot.

“Age?” baling sa kanya ng babae.

“Thirty-six,” sagot muli ng estranghero.

Bakit kaya hindi pa ito na lang ang tanungin nang derecho ng nurse?

“Uhm, Miss, nakakasalita naman si Ryan, puwede sigurong siya na ang kausapin mo,” sabad niya nang mukhang sa kanya na naman nakadirekta ang susunod na tanong.

“Ah....” Mukhang magpoprotesta pa ito pero noon piniling dumating ng residente para tingnan ang sugat ng binata.

“What exactly happened, Mr. Pelaez?”

Nakinig lang siya sa usapan ng mga ito habang nakatitig sa....

Ay, wala na ang shirt?

May malaking benda sa kaliwang bahagi ng ribcage nito. Mabuti na lang hindi iyon ang kaharap

niya dahil hindi niya pinangarap kahit kailan na makakita ng nagdurugong sugat.

Inilipat niya ang mga mata sa dibdib nitong nagtataas-baba kasabay ng paghinga. May linya ng pinong buhok sa gitna noon na parang gustong paglaruan ng mga daliri niya. Naglalandas iyon paibaba sa guhitan at flat nitong tiyan hanggang sa may pusod, paibaba pa muli hanggang....

Utang-na-loob, Angelica! Kailan ka pa natutong mang-maniac?

Naalala niyang isara ang bibig bago napalunok. Pinilit niyang lumayo para maituon sa iba ang nag-iinit niyang tingin. Napagdiskitahan na lang niyang basahin ang isang poster doon na isang malaking litrato ng puso na may label ng bawat parte nito. Saka siya nakinig sa ikinukuwento ng binata kung paano ito nasugatan.

“I went to Laoag with some friends, nag-trek kami. Natisod ako sa nakausling ugat ng isang malaking puno. I fell down a ravine, kumayod ako sa gilid ng isang malaking bato and broke my rib. Ribs pala. Dalawa daw ang nabali, sabi n’ung doktor sa ospital doon.”

She shivered involuntarily. Parang pati sikmura

niya ay hinahalukay sa nai-imagine na nangyari rito. Kaya nga siya nag-law imbis na medicine, hindi ba? Hindi niya kaya ang anumang ideya ng sugat at dugo.

In fairness, kaya naman pala maganda ang katawan, mountaineer pala si Ryan. Ano pa kayang sport ang pinagkakaabalahan nito? Hindi siya magtataka kung player ito ng basketball, o kaya ng tennis o soccer.

Parang kilala pa yata niya ang pangalan nito. She was sure she had encountered his name somewhere before. Puwede rin sigurong artista o commercial model ito. He had the height and the looks.

“Tayo na?” Muntik na siya mapatalon nang kaswal itong umakbay sa kanya.

Tiningnan muna ni Angelica ang kamay nitong nakapatong sa kanyang balikat and for some reason, naisip niya na bagay iyon doon sa paningin at pakiramdam niya. “Tapos na kayo agad?”

“Yeah, pinalitan lang ‘yung dressing.” Sinimulan siya nitong igiya palabas ng emergency room.

“Ibig sabihin, hindi serious ang lagay mo?” Tinanong niya iyon dahil akala niya ay mako-confine ito sa hitsura nito kanina na halos kulay-papel na ang mukha.

Umiling ito. “Nabendahan naman ako nang maayos sa Laoag, kaya lang medyo naglikot yata ako kaya dumugo ulit. Plus, I think gutom ako kaya sobra ang pagkahilo ko kanina. Kaya ako nawalan ng malay.”

Nahilo lang? Samantalang akala niya ay kailangan na nito ng blood transfusion? Aba, ay mukhang puwede nang pigain ang damit nito sa sobrang basa sa dugo. Paanong nangyaring gutom lang ang dahilan? Broken ribs, di ba? At...

Napatingin siyang muli sa mukha nito.

Mabuti na lang talaga guwapo ito. Natatameme siya at natutunaw ang mga tanong sa isip niya dahil sa pagkataranta. Hindi siya sigurado kung puwede niyang itanong lahat ng iyon dahil ngayon lang sila nagkakilala at hindi pa sila close para mag-usisa siya.

“Saan kita ihahatid?” tanong niya nang makasakay sila sa kotse niya.

“I live in Quezon City, o puwede mo naman akong ibaba sa kung saan maraming taxi.”

“Ano ang nangyari d’un sa susundo sa iyo?” Pinaandar niya ang kotse at binuksan nang full-blast ang air con. Lagpas tanghali na at hindi siya nakapag-park sa lilim.

Dangerous Love - Edith Joaquin

“Sinabi ko kasi na kung matatagalan pa siya, magko-commute na lang ako, so definitely hindi na ‘yun darating,” kubit-balikat nito.

“Sa Q.C. din ako, so ihahatid na talaga kita. Saan particularly?” Kahit yata sa Novaliches pa, gugustuhin niyang ihatid ito.

Sinabi ni Ryan ang address. Natuwa siya dahil hindi iyon malayo sa tirahan niya.

“Maalala ko,” pinukaw nito ang katahimikan habang binabaybay na nila ang kahabaan ng EDSA, “lagpas lunch time na pala. Gusto mo ba munang mag-lunch? My treat, to thank you for taking care of me.”

“Uhm, sa bahay na lang,” tangkang pagpapalusot sana niya bago ito sumingit.

“Mali. Wait, uulitin ko lang.” Tumikhim pa ito bago muling nagsalita. “Please have lunch with me para naman mapasalamatan kita sa nagawa mo para sa akin.”

May gana pa ba siyang tumanggi sa ganoon?

“Yeah, sure.” Ibinalik niya ang pagkatamis-tamis nitong ngiti.

Nang ibalik niya ang tingin sa daan, nahagip ng

Dangerous Love - Edith Joaquin

mga mata niya ang orasan sa dashboard. Pasado alas dos na. Saka lang niya muling naalala ang pagkaka-basted sa kanya ng mapapangasawa.

3

Matamang nakatitig si Ryan sa kaharap na dalaga na napag-alaman niyang isa palang criminal lawyer. Nagtatrabaho ito sa kilalang law firm na *Reverente, Del Fonso and Associates*. Bagaman baguhan dahil kapapasa lang sa bar, she had managed to build quite a reputation sa pagpapanalo sa iilan pa lang pero may pagkakumplikadong mga kaso na nahawakan na nito.

She was beautiful. Hindi tipong pang-pageant o pang-artistang tipo ng beauty. But she had this compelling air of innocence at the same time exuding confidence na halata sa tindig at pagdadala nito sa sarili kaya hindi mapipigilan ng kahit sino ang humanga rito. Malalaman ding matalino ito bago pa man magsalita dahil alerto ang mga mata at may talim kapag tumitig. Yet those were the same eyes that showed genuine concern and compassion nang makita nitong kailangan niya ng tulong. Ni hindi niya masimulang ilarawan ang mga labi nitong mamulamula na nakakaakit halikan...

And her name was Angelica.

“Bagay sa iyo ang name mo,” saad niya habang pinanonood itong maghimay ng piraso ng sinigang

na isda sa plato at pagkatapos ay isubo iyon kasama ng kanin. “Isa kang anghel.”

“Uhm,” nilunok muna nito ang nginunguya, “hindi naman,” mahinang sambit nito.

“Of course, you are. Hindi pangkaraniwang makahanap ng tulad mo these days. ‘Yung tipong hindi magdadalawang-isip tumulong.’”

Nagkibit ito ng balikat at saka inilapag ang hawak na kubyertos. “Kasi sobrang nakakaawa na ang hitsura mo kanina. Baka kapag hindi kita tinulungan, bumulagta ka na lang bigla doon. Pasanin pa ng konsyensya ko na hindi man lang ako tumulong.”

“Gan’un?” Lumawak ang ngiti ni Ryan. Baka ngayon, siya naman ang makatulong. “So bakit ka naman umiiyak kanina sa airport?”

Umiwas ito ng tingin. Pagkatapos ay uminom muna mula sa baso nito ng sago at gulaman. At saka muli nitong binalikan ang paglalagay ng sabaw sa kinakain.

“I’m sorry, Angel, I didn’t mean to pry.” Ibinaba niya ang mga mata para hulihin ang tingin nito.

Huminga ito nang malalim na tila bumubuwelo bago intindihin ang tanong niya.

“Look, hindi mo kailangang sumagot, okay? I mean, I was just...”

“My fiancé just dumped me this morning,” bulalas nito, “which shouldn’t have happened kung hindi ako naiwan ng eroplano papuntang Aklan at sana mag-asawa na kami by now.”

Ibinuka niya ang bibig para magsalita pero muling isinara iyon. Tila hindi siya sigurado sa pagkakaintindi sa sinabi nito. “Teka, klaruhin ko lang. Mag-asawa na kayo dapat? Kasal n’yo today?”

“Kaninang two p.m. to be exact.” Mag-a-alas cuatro na noon.

Napanganga siya sa kompirasyon nito.

Unang naramdaman niya ay relief. Dalaga pa ito, ibig sabihin! Pero... ano naman ngayon? Pagkatapos ay naisip niya, it was the most hilarious and most bizarre thing he had ever heard!

Pinigilan niya ang sariling matawa. Mao-offend ito panigurado. Sino ba naman ang gustong mapagtawanan dahil hindi nakadalo sa sariling kasal?

“Inaamin ko namang tanga ako, eh,” mahinang anito.

Nakita niya ang pamumuo ng luha sa gilid ng

mga mata nito. “Wala akong sinasabi.” Kinagat niya ang labi para pigilan ang pagtawa.

“Pero naiisip mo,” naiyak na naman ito.

“Of course, not! Look, I’ll be honest and say, natatawa ako, pero....” Inabot niya ang pisngi nito at marahang pinalis ang naglalandas na luha roon. Parang piniga ang puso niya sa pag-iyak nito. “Hey, hindi ka tanga, okay? You’re far from that.”

“Eh ano’ng tawag mo sa tulad kong naturingang lawyer pero na-basted dahil hindi nakadalo sa sariling kasal?” Kumuha ito ng tissue mula sa lalagyan sa mesa at suminga.

“Hmm... puwede kong sabihing suwerte ka.” He smiled tenderly at her. “Kasi mas naiisip ko na walang kuwenta talaga ‘yung mapapangasawa mo kaya hindi ka hinayaan ni Lord na malagay sa gan’ung predicament. Ano ba namang klaseng married life ang kakaharapin mo sa lalaking tulad niya?”

Naramdaman ni Angelica ang kaibang kabog ng dibdib bilang tugon sa narinig. Lalo pa at sinsero ang ngiting kaakbay ng mga binigkas ng binata.

“Angel...” Lumipat ito sa tabi niya para akbayan siya. Muli itong nagsalita na tila ba importanteng mapawi nito ang lungkot at desperation na

nararamdaman niya. “Naniniwala ako na kung totoong mahal ka niya, sana ginawan niya ng paraan matuloy pa din ang kasal n’yo. But according to you, he just dumped you nang gan’un-gan’un na lang. I say he doesn’t deserve you. Kung ako siya, I would have offered you the world at hindi kita iiwan kahit harangan ako ng sibat at gulok.”

Tumitig siya sa mga mata ni Ryan habang dina-digest ang kasasabi lang nito. Parang whirlpool pala ang titig nito. Nakaka-hypnotize. At parang wala itong sasabihing hindi totoo sa paraan ng pagtitig nito sa kanya.

Lekat, bakit ba hindi ito ang naging fiancé niya?

“Sayang,” sambit niya.

Nagkunot ito ng noo. “Bakit?”

“Siguro kung matagal na kitang nakilala at ikaw ang naging fiancé ko, malamang hindi ako pipigilan ni Lord na makasakay ng plane.”

It was his turn to be at a loss. Hindi niya alam kung nabigla siya sa kaprangkahan ng dalaga o kung dahil ba naramdaman niya ang kakaibang itinibok ng puso niya sa sinabi nito.

“Eh, ikaw naman, ano ang gawain mo sa life?” muling nagsalita ito.

Tumikhim muna si Ryan saka bumalik sa kabilang upuan. “Wala akong regular office job but I dabble in business here and there—capital investments, sales, stock market, gan’un. I do that para ma-sustain ko ‘yung love ko for outdoor sports. Ikaw? You like sports?”

“Hmm... Hanggang panonood lang yata,” sagot nito bago isinubo ang huling kutsara ng sago mula sa inumin. “Ayaw sa akin ng sports. Mahina ako sa hand-eye coordination, eh. Minsan nga sumubok akong maglaro ng badminton, ang nahampas ko ay ‘yung partner ko. ‘Ayun, ang laki ng bukol sa noo niya. Muntik pa siyang nahimatay kasi sobra siyang nahilo sa pagkakapalo ko.”

Ang lakas ng tawa niya sa narinig. Kumirod tuloy muli ang sugat niya. Mabuti na lang, mabilis niyang napigilan ang pagyugyog ng kanyang katawan. “Diyos ko, buti hindi nagka-brain hemorrhage ‘yung friend mo.”

“Hindi naman,” nakangiti na ring sabi nito, marahil nakalimutan na muli ang iniyakan kanina. “Ano’ng sport mo?”

“Ah... I’m into motocross, iyon ang number one. Trekking, skydiving, at saka badminton.”

“Sobra namang physical at dangerous ng mga trip mong gawin.”

“Daredevil ako, eh. I’ve broken my hip, dislocated my left knee and my left shoulder, may pilat ako sa likod ng ulo dahil....”

Biglang pumikit ito habang nakataas ang dalawang kamay. “Okay na, stop!” she shivered. “Kadire.”

“Nagtanong ka!” Amusement lit his eyes.

“Oo at maling tanong ‘yun.”

“Sige, change topic tayo,” sabi na lang niya. Lumingon siya para tumawag ng waiter dahil napapansin niyang lumilihis ang tingin ng kausap patungo sa display ng mga cake malapit sa tabi nila. “Gusto mo ba ng dessert?”

Kumislap ang mga mata nito at tila nakalimutan na ang gruesome na kuwento niya tungkol sa mga na-encounter niyang aksidente.

Tumango ito. “May cake kaya sila?”

“Sige, order tayo.” His eyes beheld hers.

“Yeah... uhm.” Tila biglang na-conscious ito sa pagtitig niya. Pagkatapos ay ibinulalas nito, “Running.”

“Huh?”

“Kung may sport na puwede sa akin, running siguro. I’m agile on my feet. Saka siguro dancesport. I love to dance.”

Tinitigan niya ang magandang mukha ng kaharap. With her slim frame, graceful air at mga matang nangungusap, she would be a perfect dance partner. He would have loved to take her dancing. Kung puwede.

Pero hindi.

‘Angel’ ang tawag sa kanya nito! Ito pa lang ang nagpalayaw sa kanya ng ganoon. Naranasan na niyang matawag na Anj, Angie, Gel or Geli, minsan pa nga Lyka. Kakayanin siguro niyang lumipad kung gugustuhin niya. Daig pa niya ang naglalakad sa ulap hanggang finally marating niya ang tinutuluyang townhouse.

Para tuloy siyang nasisiraan ng bait. Pangitngiti at pakanta-kanta sa sarili habang sinususian

ang front door. Kung siguro ay makikita siya ng mga nakakakilala sa kanya, kukumpirmahin ng mga ito na baliw siya. Puwede rin namang pagalitan siya ng mga ito dahil feeling niya, in love siya. But no, feeling niya lang iyon.

Hindi iyon posible dahil that same day ay naunsiyami ang kasal niya at naghahanap lang siya ng ikasasaya. Lalong hindi naman yata puwedeng ma-in love sa loob lang ng ilang oras dahil lamang nakita niyang hubad ang dibdib nito at nag-treat ito ng lunch, and that he managed to make her smile, laugh and feel beautiful....

Ipinilig ni Angelica ang ulo bago pabagsak na naupo sa sofa. Pagkahaba-haba ng araw na ito para sa kanya. Karugtong pa ito ng mga nakakapagod na pangyayari kahapon sa hearing dahil sinimulan niya ang umaga sa pagpunta sa Regional Trial Court para sa petition patungkol sa pending na kaso ng isa pang kliyente. Kaya nga siya hindi umabot sa airport.

Okay, fine, hindi lang iyon ang dahilan. Hindi nga niya nakita nang mabuti ang oras ng flight niya.

Ngumiti siya sa sarili dahil buong akala niya ay magiging miserable siya maghapon. Mabuti na lang nakilala niya si Ryan—sweet, good-looking, good-natured Ryan. Pinagaan nito ang pakiramdam niya by

Dangerous Love - Edith Joaquin

making her laugh and forget about her 'tragic' state. Damang-dama niya tuloy that she was, truly, worth so much more than Dennis treated her. Iyon nga lang, walang pangako na magkita silang muli, which was just too bad at aaminin niya, pinanghinayangan niya nang todo.

Ang suwerte ng girlfriend nito, naisip pa niya. Girlfriend lang, kasi wala naman siyang napansin na suot na wedding ring. Ano kaya ang feeling kung siya ang maglalagay niyon sa daliri nito?

Sheesh! Angelica, ano ba ang nangyayari sa iyo?

Tumayo siya at hinatak ang maleta pabalik ng kuwarto para ayusin ang mga damit at ibalik ang mga iyon sa closet. Pagkatapos, nagtungo siya sa banyo to freshen up. Nang makapagbihis ng pantulog, saka siya naupo sa harap ng PC para makapag-review at mag-research ng ilang bagay tungkol sa dalawa pang hinahawakang kaso at para makapag-check ng email.

She could take things easy for the next few days dahil naka-file siya ng leave supposedly nga for her wedding, although hindi naka-broadcast sa trabaho ang dahilang iyon. Sinabi lang niyang 'personal' ang reasons ng kanyang pagli-leave.

Nang ilabas niya ang cellphone, nadiskubre

niyang drained na pala ang baterya niyon. Isinaksak niya ang charger at makalipas ang ilang minuto, inon niya ito. Baka may mga importanteng mensahe siyang na-miss.

Sa sunud-sunod na pagtunog niyon niya lang naalala na ilan nga pala sa mga kaibigan niya at ang isang pinsan ay nasa Aklan ngayon! Napuno halos ang inbox niya at iisa ang sinasabi ng mga mensahe: *What happened? Nasaan ka ngayon? Ano ‘yung sinasabi ni Dennis na the wedding is off?*

Nag-dial siya ng isang numero.

“Susmaryosep, Geli, bakit ngayon ka lang tumawag?” bungad sa kanya ng best friend at pinsan na si Audrelyn.

“Hi, Lyn!” bati niya rito habang nagta-type ng password sa kanyang *Gmail* account. “Nasa townhouse na ako sa Q.C. Sorry, di ako nakatawag agad. You won’t believe what happened today.”

Sinimulan niyang ikuwento ang mga pangyayari pati na ang pagkakakilanlan nila ng isang Ryan Pelaez.

“Ryan Pelaez? ‘Yung motocross racer?”

Ah, siya ba ‘yun? Sabi na nga ba niya kilala niya

ang pangalang iyon. Pero kahit nabanggit nito kanina ang tungkol sa motocross, hindi niya agad na-connect na he was the same Ryan Pelaez na kinababaliwan ng kausap. Avid fan kasi ng motocross racing si Joseph Salviejo, ang forever one true love at asawa ni Audrelyn, at kadalasan siyang nakikinoood kasama ng mga ito tuwing may competition si Ryan pati na ang kapatid nitong babae na si Bobbie.

“Uh-huh, *the* Ryan Pelaez to you.”

“Oh, my God!” tili nito saka niya narinig na tinawag nito ang asawa para banggitin ang sinabi niya. “Humingi ka ng autograph? Nagpa-picture ka?”

“Lyn naman, may dinaramdam ‘yung tao,” aniya, pero dama niya ang isa na namang opportunity loss.

“Sana makita mo siya ulit,” patuloy na daldal ito. “Saka sana kapag nakita mo siya ulit, kasama mo kami. I’m sure hindi ka naman niya makakalimutan, di ba? I mean, sinamahan mo nga siya sa hospital, eh, matatandaan ka n’un!”

Aminado siya. Wish niya iyon. “Yeah, oo nga.”

“Tapos baka puwede natin siya ulit ayain lumabas, or hang out together.”

“Lyn! Naka-cellphone tayo!” singit na paalala

Dangerous Love - Edith Joaquin

niya dahil mukhang mag-la-launch na naman ito ng panibagong tirade. “Pakisabi na lang sa mga tao diyan na okay lang ako. I’ll just see you all this weekend pagbalik n’yo.”

“Siya sige,” paalam nito. “Pilitin na lang din namin mag-enjoy tatal paid na lahat dito, di ba?”

“Yep!” *Makaganti man lang kay Dennis.* “Naka-charge sa kanya lahat ng gastusin diyan sa hotel so mag-buffet kayo, gumamit kayo ng gym, ng pool, room service...”